Kung gusto ninyong tawagan ang Konseho at nangangailangan kayo ng isang interpreter, tawagan po ang Translating and Interpreter Service sa 131 450 at sabihin na ikabit kayo sa Konseho sa (02) 4645 4000 o sa nararapat na extensiyon ng telepono, kung alam ninyo.

Tungkol sa Konseho at Ang Campbelltown

Ang Konseho sa Lungsod ng Campbelltown ay gumaganap ng isang napakamahalagang papel sa lokal na komunidad: sa pagbibigay ng malawak na hanay ng mga sebisyo at kagamitan para sa mga naninirahan, kasama na ang paalagaan sa mga bata, mga sangay ng aklatan, sentro ng libangan, pagtapon ng mga basura, pagkamentena sa mga liwasan, panlipunang pagpaplano at marami pang iba.

Ang Lugar ng Lokal na Gobyerno ng Campbelltown ay isa sa 10 pinakamalaking lokal na gobyerno sa NSW, na tinitirahan ng may malapit-lapit sa 150,000 na katao. Ang Konseho sa Lungsod ng Campbelltown ay pinamamahalaan ng 15 nahalal na Konsehal, na sila ang pipili sa Alkalde at Katulong na Alkalde. Ang halalang pang–Konseho ay ginagawa bawat apat na taon, ang susunod na halalan ay nakatakda sa Setyembre ng 2008.

Ang Konseho sa Lungsod ng Campbelltown ay hinahati sa apat na dibisyon, bawat isa ay may kani-kanilang hanay ng mga responsibilidad sa komunidad:

- Pamamahala sa Korporasyon: sumasagot sa mga bagay na pinansiyal, kasama ang mga pundo ng Konseho at buwis; komunikasyon; pagtitinda, pamamahala sa mga pagdiriwng at turismo; pagkaempleyo sa Konseho.
- Serbisyo sa Komunidad: sumasagot sa lahat ng mga sangay ng aklatan, mga sentro ng paalagaan sa mga bata, sentro ng kabataan, pag-aalaga sa matatanda at mga kagamitang pang-isport.
- Pagpaplano at Kapaligiran: bahala sa pagtapon sa mga basura at recycling mula sa mga bahay, paglinis sa mga lugar pampubliko, mga reklamo tungkol sa ingay at polusyon, mga aplikasyon sa pagpagawa ng mga gusali at ang Paalagaan ng mga Hayop.
- Mga Gawain sa Lungsod: sumasagot sa pagpaplano at pagmementena sa mga kalle, liwasan at gusali, paghahardin at kaligtasan sa daan at komunidad.

Ang mga mahahalagang desisyon ay ginagawa sa mga miting sa Konseho, na ginagawa ng minsan bawat buwan. Ang mga Miting ng Komite (na nagsasalamin sa apat na dibisyon ng Konseho) ay ginagawa isang linggo bago ang miting ng Konseho. Ang mga Rekomendasyon mula sa Miting ng mga Komite ay inilalatag sa Konseho para sa kanilang huling pagpapasya.

May malawak na hanay ng mga kagamitang pangkultural at edukasyonal na magagamit ngayon sa Campbelltown. Maipagmamalaki ng Lungsod ang isang malawak na lugar eskuwelahan ng Pamantasan ng Kanlurang Sydney, dalawang Kolehiyo ng TAFE at maraming ibat-ibang mga eskuwelahang pribado at publiko. Ang Campbelltown Arts Centre ay sentro ng mga kultural na pagdiriwang sa loob ng Lungsod.

Upang matawagan ang Konsehon sa Lungsod ng Campbelltown:

Telepono: 02 4645 4000
Faks: 02 4645 4111
Sentro ng Impormasyon Para sa Bumibisita sa Campbelltown: 02 4645 4921
24 Oras na Linyang Pang-impormasyon: 02 4645 4900
Emerhensya Pagkatapos ang Oras ng Opisina: 02 9963 1621
Email: council@campbelltown.nsw.gov.au
Direksiyon sa Koreo: PO Box 57, Campbelltown NSW 2560
Lugar ng Konseho: Kanto ng Queen at Broughton Streets, Campbelltown
Website: www.campbelltown.nsw.gov.au